

## Pagbuo ng mungkahing modyul sa pananaliksik, wika at panitikan sa panahon ng pandemya

Astorga, Eriberto Jr. R. ✉

Eulogio "Amang" Rodriguez Institute of Science and Technology, Manila, Philippines  
([erastorga@earist.edu.ph](mailto:erastorga@earist.edu.ph))  
De La Salle University-Manila



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

Received: 19 August 2024

Revised: 25 September 2024

Accepted: 1 October 2024

OPEN ACCESS

Available Online: 1 October 2024

DOI: 10.5861/ijrse.2024.24824

### ***Abstract***

The primary aim of this paper is to share the developed module for teachers and students specializing in Filipino in the subject Introduction to Research, Language, and Literature. The researcher used the descriptive-evaluative method to conduct the study and to describe the acceptability of the developed module. In the evaluation part of this study, the results of the evaluation by experts and teachers were assessed to prove the acceptability of the developed module. This study used a mix of quantitative and qualitative methods. A significant part of this study involved the use of quantitative methods. However, qualitative methods were also used to support the quantitative analysis. The necessary information related to the variables was gathered through document analysis and data content from questionnaires. In the qualitative analysis, data from the reviewed questionnaires and survey results were used to guide the researcher in answering the stated problems. On the other hand, in the quantitative analysis, the researcher personally distributed the questionnaires using Google Forms. Based on the findings presented in the problems, there was a lack of modules during the pandemic, which led to the development of the proposed module in Research, Language, and Literature. Based on the conclusions presented, it is recommended to continue developing teaching materials such as modules for teaching Filipino as well as other subjects. Other materials with interdisciplinary content can be developed; teachers are encouraged to develop modules; adding activities to the developed module is suggested; and allocating funds and moral support to capable teachers who can develop modules is recommended.

***Keywords:*** asynchronous, flexible learning, module, research, synchronous

## Pagbuo ng mungkahing modyul sa pananaliksik, wika at panitikan sa panahon ng pandemya

### 1. Panimula

Maraming pagbabago ang naganap sa panahong kung saan lahat ay labis na apektado, isa na rito ang sistema ng edukasyon. Dahil sa epidemyang COVID-19, naging malaking katanungan kung paano maipagpapatuloy ang pag-aaral ng mga kabataang Filipino. Mabuti na lamang na namumuhay na tayo sa modernong henerasyon kung saan malaking tulong ang teknolohiya upang solusyunan ang mga suliraning kinahaharap ng ating lipunan. Ang paraan na ginagamit ngayon upang makapagpapatuloy sa pag-aaral ang mga kabataan ay ang Edukasyong Onlayn.

Ang Edukasyong Onlayn ay pagkatutong primaryong umaasa sa tulong ng internet. Sa pamamagitan nito ay nagkakaroon ng daan ang pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral na hindi na kinakailangan ang pisikal na interaksyon sa isa'tisa. Ayon kay Rapisura (2018) ang onlayn na pagkatuto ay isa sa magandang pagbabago sa paraan ng pag-aaral para madagdagan ang ating kaalaman at kakayahan dahil puwede itong gawin kahit saan at kahit kalian. Dagdag pa niya, nakakatulong din ang onlayn na pag-aaral sa ilang mga suliranin kapag kailangan pumasok sa eskuwelahan kagaya ng kakulangan sa oras, nakatira sa malayong lugar, may pisikal na kapansanan at mahal na gastusin. Ito rin ay nakasentro sa mga mag-aaral, na nagbibigay daan sa kanila upang matuto sa kani-kaniyang panahon, pagkakasunod-sunod at estilo.

Maaaring maiuri sa dalawa ang Edukasyon Onlayn; Sinkronus (*synchronous*) at Asinkronus (*asynchronous*). Sa pamamagitan ng internet ay nabibigyang daan ang mga mag-aaral na matuto at magkaroon ng interaksyon sa kanilang guro at iba pang mag-aaral. Ang Sinkronus na Edukasyong Onlayn ay nakabalangkas sa diwa na ang mga mag-aaral ay dumadalo ng mga live na diskusyon. Ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga nagtuturo at mga mag-aaral ay real-time at ang feedback ay instant. Samantalang ang Asinkronus naman ay nakabalangkas sa istruktura ng pag-aaral kung saan ang mga nilalaman ng diskusyon ay hindi magagamit sa anyo ng mga live na lektura o klase; at ang instant na feedback at agarang tugon ay hindi posible (Littlefield, 2018).

Ang batayan para maging epektibo ang Edukasyong Onlayn ay nakasalalay pa rin sa pagkamit ng mahusay na content, pedagogy at assessment. Virtual man ang midyum ng pagtuturo at pagkatuto, nagbubukas pa rin to ng panibagong paraan para magkaroon ng interaksyon ang mga guro at mag-aaral.

Alinsunod sa CHED Advisory No. 7 A.1- sa mga lugar na nasa ilalim ng ECQ, MECQ, at GCQ, ang mga Higher Education Institutions ay pinayuhan na sundin ang pagsuspende ng mga face-to-face o personal na klase hanggang sa karagdagang mga direktiba mula sa IATF o paglabas ng desiyon mula sa wastong awtoridad ng gobyerno. Dahil dito, ang institusyon ay nagpatibay ng mga proseso ng paghahatid at pagtuturo ng pag-aaral na titiyak na walang mag-aaral na maiiwan. Samakatuwid, gagamitin ng paaralan ang mga sumusunod para sa sinkronus (online) at asinkronus (offline) na mga klase. Ito ang unang pagkakataon na ang institusyon ay magsasagawa ng edukasyong onlayn. Mahalagang malaman at masuri ang praktis na ginagamit upang malaman at makagawa ng kagamitang panturo na magiging kapaki-pakinabang sa hinaharap.

Minungkahi ni Antonio Contreras (2020) na pagsamahin ang edukasyon at libangan sa pagdisenyo ng mga programa sa online at offline learning sapagkat “learning should be fun”. Gamit ang internet bilang tagapaghatid ng mga impormasyong edukasyunal. Ang pagkatuto ay nararapat na maging kawili-wili at kagamit-gamit upang madagdagan ang kanilang kaalaman.

Ang mga makabagong pamamaraan na ito sa bagong normal ay makatutulong upang maipagpapatuloy ang kawili-wiling pagkatuto ng mga mag-aaral bagamat ginaganap ito ng onlayn. Gayonpaman nakasalalay pa rin sa mga guro ang magiging dulong kung paano matututo at magiging kawili-wili ang pagkatuto at pagtuturo.

Ayon sa Mandato ng Commission on Higher Education sa onlayn klas (2020) ang pagkakaroon ng Blended Learning Approach o tinatawag ding "Flexible Learning," ay isang makabagong dulog kung saan nagagamit ng mga mag-aaral ang kanilang oras at panahon sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan. Ngunit hindi lamang sa tulong ng makabagong teknolohiya. (Internet devices) kundi pati na rin ang pagkakaroon ng face to face na klase o harapang pagtuturo harapang pagtuturo at pagkatuto. Isa itong paraan upang maipagpatuloy pa rin ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa kabila ng distansya sa bagong normal na pagkatuto gamit ang inihandang kagamitang panturo ng guro.

Likas na mapamaraan ang guro. Maparaan sapagkat sinisikap niyang mapaunlad ang kaniyang propesyon gayundin ang kaniyang mag-aaral. Sagana ang guro sa mga teknik at estilo upang maging epektibo sa kanyang pagtuturo. Ang guro ang pangunahing salik sa pagkatuto ng mag-aaral kaya marapat lamang na pumili ito ng mga angkop na kagamitang panturo na lilinang sa kanilang kakayahan at kasanayan. Ang mga kagamitang panturo ang magsisilbing tuntungang bato ng mag-aaral upang sila ay maging matibay sa pagharap sa buhay. Dahil ang mga pagsasanay at gawain ang hahamon sa kanilang mapanuring isipan. Magiging katuwang din ang kagamitang ito sa pagtuklas ng maraming bagay lalo na sa aspektong pang-akademiko. Sa oras na maging matagumpay ang guro sa pagpili ng angkop na kagamitang panturong kapaki-pakinabang ay tiyak din ang pagkatuto ng mag-aaral.

Dahil sa pandemya at panawagan ng CHED may kakulangan sa mga kagamitang panturo. Kaya naman ito ang nagtulak sa mananaliksik na magdebelop ng kagamitang panturo na gagamitin ng mag-aaral sa Eulogio "Amang" Rodriguez Institute of Science and Technology (EARIST). Sa nilalamang bahagi ng dinebelop na modyul ang mga paksa ay alinsunod sa outcome-based silabus gayundin ang mga kasanayang pampagkatuto na nakapaloob dito. Ang mga tinalakay na paksa ay sumailalim sa pananaliksik sa iba't ibang sanggunian upang makatugon sa kahingian ng kurso. Ang mga gawaing nakapaloob ay napapanahon at mapanghamon sa mag-aaral na gagamit nito. Ang kagamitang ito ay makatutulong hindi lamang sa guro higit lalo sa mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay may layuning matukoy ang mga pangangailangan upang makabuo ng modyul sa Pananaliksik, Wika at Panitikan. Pagsusumikapang masagot ang mga sumusunod na tanong:

- Gaano kasidhi ang pangangailangan ng pagkakaroon ng kagamitan sa pagtuturo sa Pananaliksik, Wika at Panitikan batay sa ebalwasyon ng mga guro?
- Gaano katanggap ang mungkahing modyul bilang kagamitang panturo sa Pananaliksik, Wika at Panitikan sa ebalwasyon ng mga eksperto at guro sa: Layunin; Nilalaman; Lenggwahe at Estilo; Organisasyon at Presentasyon; Aplikasyon; at Ebalwasyon?
- Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pagtanggap ng mga eksperto at gurong tagasuri sa kaangkupan sa mungkahing modyul sa Pananaliksik sa Wika at Panitikan?

## 2. Metodolohiya

Ginamit ng mananaliksik ang pamamaraang deskriptibo-ebaluwatibo upang mabuo ang pag-aaral na may pamagat na: "Pagbuo ng Mungkahing Modyul sa Filipino sa Pananaliksik, Wika at Panitikan." Ginamit ang disenyong ito upang ilarawan ang pagiging nkatanggap-tanggap ng dinebelop na modyul. Ayon kay Mertens (2015), ang ebaluwasyon ay proseso ng pagkolekta at pag-uugnay ng mga ebidensiya na maaaring bumuo ng mga kongklusyon tungkol sa estado ng mga gawain, halaga, merito, kabuluhan o kalidad ng isang programa o produkto. Sa ebaluwasyong bahagi ng pag-aaral na ito ay tinasa ang naging resulta ng ebaluwasyon ng mga eksperto at mga gurong nagtuturo ng asignatura upang mapatunayan ang pagiging katanggap-tanggap ng modyul na dinebelop. Ginamit din sa pag-aaral na ito ang deskriptibong pananaliksik. Batay kina Mishra at Alok (2017), ang deskriptibong pananaliksik ay binubuo sa pamamagitan ng pagsisiyasat, paghahanap ng katotohanan at ilarawan ang umiiral na datos.

Samakatuwid, ang mga datos na nakuha mula sa ebalwasyon ng mga eksperto at guro ang ginamit na resulta sa pag-aaral na ito. Magkahalong kwantitatibo at kwalitatibo ang ginamit sa pag-aaral na ito. Malaking bahagi sa pag-aaral na ito ang paggamit ng kwantitatibong pamamaraan. Ngunit, ginamit din ang kwalitatibong pamamaraan bilang suporta sa pagsusuring kwantitatibo. Ang mga kailangang impormasyon kaugnay sa mga baryabol ay nalikom sa pamamagitan ng pagsusuri sa dokumento at nilalaman ng mga datos mula sa talatanungan.

Sa pagsusuring kwalitatibo, ang mga datos mula sa sinuring talatanungan at resulta ng sarbey ay ginamit upang gawing gabay ng mananaliksik sa pagsagot sa mga inilahad na suliranin. Sa kabilang banda, ang kwantitatibong pagsusuri, personal na ipinamahagi ng mananaliksik ang mga talatanungan gamit ang google form.

Sa pag-aaral na ito ginamit ang pamamaraang *convenient sampling* sa pagpili ng kalahok.. Nakatuon ang pamamaraang ito sa katangian ng kalahok na makatutulong sa pag-aaral. Tatlong eksperto sa asignaturang Filipino ang pinili ng mananaliksik upang maging tagasuri. Una, Coordinator ng Filipino mula sa Abiva Publishing House, Inc.; ikalawa, dating Tagapangulo ng Departamento ng Filipino sa De La Salle University-Manila; at ikatlo, Direktor ng Gradwadong Paaralan sa National University-Manila. Sa gurong kalahok, sampung gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino na may sapat na kaalaman sa kanyang tinuturo kasabay ng kaniyang malawak na karanasan sa pagtuturo.

Ang mga datos ay sinuri at binigyan ng interpretasyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga talahanayan at anyong tekstwal. Gamit ang mga kalakasan, kahinaan, rekomendasyon at mga naging hamon na bahagi ng talatanungan at iba pang kaugnay na dokumento, nagdebelop ang mananaliksik ng isang mungkahing modyul sa Filipino sa Pananaliksik sa Wika at Panitikan.

Ginamit sa kwantitatibong bahagi ng pag-aaral na ito sa paglalapat ng estadistika ang sumusunod: (a) Bahagdan-upang matukoy ang dami o bilang ng mga tagatugon na tumugon sa talatanungan; (b) *Wighted Mean*-upang maipakita kung gaano katanggap ang naging resulta ng modyul na dinebelop batay sa mga eksperto at mga gurong naging tagasuri; (c) *Standard Deviation*-upang maipakita ang lawak ng naging resulta ng modyul na dinebelop batay sa mga eksperto at mga gurong naging tagasuri; at (d). T-test-upang maipakita kung may makabuluhang pagkakaiba ang resulta ng ebalwasyon ng mungkahing modyul na nadebelop batay sa mga eksperto at mga gurong naging tagasuri.

### 3. Resulta at Talakayan

***Kasidhian ng pangangailangan ng pagkakaroon ng kagamitan sa pagtuturo sa Filipino sa Pananaliksik, Wika at Panitikan batay sa ebalwasyon ng mga guro.***

#### **Talahanayan 1**

*Pangangailangan ng Pagkakaroon ng Kagamitang Panturo sa Pananaliksik sa Wika at Panitikan*

Rekomendasyon ng mga guro	Bilang ng Tumugon	Bahagdan
Pagkakaroon ng modyul	8	80%
Karagdagang Pagsasanay ng Guro	1	10%
Pagkakaroon ng Pondo	1	10%
Kabuoan	10	100%

Batay sa resulta ng talahanayan 1, ang pagkakaroon ng modyul sa asignatura bilang tugon na kakulangan ang nangungunang rekomendasyon na may bilang 8 o 80%. May tig-isang tugon sa karagdagang pagsasanay sa guro at pagkakaroon ng pondo. Batay sa pagsusuri, ang pagbuo ng mungkahing modyul bilang kagamitang panturo sa asignatura ay kailangan upang magamit ang mag-aaral para sa kanilang pag-aaral at pagkatuto sa panahon ng pandemya. Tugma ang resulta sap ag-aaral ni Mangila (2018) na ang kagamitang panturo ay

napakahalagang kagamitan at suporta sa mag-aaral sa kanilang pag-aaral at pagkatuto.

Ayon kina Quisumbing et.al., (2017), ang pagdebelop ng epektibong kagamitang panturo ay nakadiseno sa pagpapaunlad ng kaalaman ng mag-aaral. Ang pagbuo nito ay dapat simulant sa pagsusuri kung ano ang dapat na matamo ng mag-aaral pagkatapos ng kurso at kung paano ipinakita ang pagkatuto. Ang guro ay marapat na mas maraming kaalaman at pag-unawa sa proseso ng pagkatuto particular kung paano natututo ang mag-aaral. Mahalagang mabatid ng guro kung paano matutukoy ang pangangailangan ng mag-aaral gayundin ang kanilang pampropesyunal na pangangailangan.

***Katanggap-tanggap ng kagamitang panturo sa Filipino sa Pananaliksik sa Wika at Panitikan sa ebalwasyon ng mga eksperto at guro sa Layunin, Nilalaman, Lenggwahe at Estilo, Organisasyon, Aplikasyon at Ebalwasyon.***

**Talahanayan blg. 2**

*Pagsusuri ng Katumbas na Weighted Mean para sa Paghahambing ng mha Eksperto at Guro sa Mungkahing Modyul sa Filipino sa Pananaliksik sa Wika at Panitikan ayon sa Layunin; Nilalaman; Presentasyon at Organisasyon; Lenggwahe at Estilo; Aplikasyon; at Ebalwasyon*

Kraytirya	Guro		Eksperto		Composite Mean	
	WM	VI	WM	VI	WM	VI
1. Layunin	3.96	TnT	3.95	TnT	3.96	TnT
2. Nilalaman	3.95	TnT	3.84	TnT	3.94	TnT
3. Presentasyon at Organisasyon	3.93	TnT	3.87	TnT	3.92	TnT
4. Lenggwahe at Estilo	3.94	TnT	3.88	TnT	3.93	TnT
5. Aplikasyon	3.96	TnT	3.89	TnT	3.95	TnT
6. Ebalwasyon	3.93	TnT	3.82	TnT	3.92	TnT

Legend:

Option	Range	Verbal Interpretation	Symbol
5	4.50-5.00	Lubos na Katanggap-tanggap	LKT
4	3.50-4.49	Tanggap na Tanggap	TnT
3	2.50-3.49	Katanggap-tanggap	KT
2	1.50-2.49	Di-gaanong tanggap	DGT
1	1.00-1.49	Hindi Katanggap-tanggap	HKT

Batay sa resulta ng Talahanayan 2, may kabuuang 3.96 ang pangkalahatang mean ng parehong tagasuri at ito ay may interpretasyon na tanggap na tanggap sa layuning bahagi ng dinebelop na modyul. Nangangahulugan lamang na ang layuning bahagi ng dinebelop na modyul ay tumutugma sa gabay na kurso na naaayon sa panawagan mula sa Commission on Higher Education at matatamo ng mag-aaral na gagamit nito. Ang resulta ng pag-aaral ay tumutugma sa pag-aaral nina Gustiani, Widodo at Suwarma (2017) na mahalagang tumutugma ang mga aralin sa ginagamit na gabay na silabus ng paaralan. Ang mga kagamitang panturo ay kaugnay sa kurikulum na pinagsisilbihan nito (Vembiarto, 1990; Artini 2018).

Gayunpaman, may kabuuang 3.94 ang pangkalahatang mean ng parehong tagasuri at may interpretasyon na tanggap na tanggap ayon sa nilalamang bahagi ng dinebelop na modyul. Tumutugma ang resulta sa pag-aaral ni Vembiarto, 1990; Artini, 2018, na dapat na may ugnayan at mahusay na pagkakahayan ng mga kaalamang nakapaloob sa modyul. Gayundin, dapat malinaw at wasto ang wikang ginamit at angkop sa kakayahan ng mag-aaral ang dapat taglayin ng isang modyul (Querubin, 1996; Larawan, 2013).

Samantala, may kabuuang 3.92 ang pangkalahatang mean ng parehong tagasuri at may interpretasyon na tanggap na tanggap ayon sa presentasyon at organisasyong bahagi ng dinebelop na modyul. Nangangahulugang maayos ang daloy ng mga pangungusap at mga ideya sa modyul at tanggap na tanggap sa mag-aaral na gagamit nito. Ang resulta ay tumutugma sa pag-aaral nina Rogayam Jr. at Dollete (2015) na dapat ang isang kagamitang panturo ay magkaroon ng maayos na presentasyon at organisado ang daloy ng mga aralin.

Dagdag pa rito, may kabuuang 3.93 ang pangkalahatang mean ng parehong tagasuri at may interpretasyon na tanggap na tanggap sa lenggwahe at estilong bahagi ng dinebelop na modyul. Nagpapahiwatig na ang lenggwahe at estilong ginamit sa modyul ay simple, madaling maunawaan at tanggap na tanggap sa kakayahan ng mag-aaral na gagamit ng modyul. Tumutugma ang resulta sa pag-aaral ni Laroza (2015) na dapat angkop ang wika at estilo ng mga mag-aaral sa pagbuo ng kagamitang panturo. Tugma rin ito sa pag-aaral nina Pupitasari, Amin, at Lukiati (2016) na dapat taglayin ng isang modyul ang paggamit ng simpleng wika.

Tanggap na tanggap ang aplikasyong bahagi ng dinebelop na modyul na may kabuuang 3.95 ang pangkalahatang mean ng parehong tagasuri. Nagpapahiwatig lamang na ang mga gawaing nakapaloob sa modyul ay magagamit ng mag-aaral sa mga sitwasyon sa totoong buhay at sumusuporta sa mataas na antas ng mga kasanayan sa pag-iisip. Tumutugma ang resulta ng pag-aaral ni Nunan, (1988); Nardo at Hufana, (2014), na ang modyul ay dapat na humihikayat sa mag-aaral na paunlarin ang mga kasanayan hindi lamang sa pagkatuto kundi sa kasanayang tutulong sa kaniya upang lalo pang matuto at humikayat na gamitin ang mga kasanayan sa labas ng silid-aralan. Tugma rin sa pag-aaral nina Al Azri at Al-Rashdi (2014) tungkol sa paggamit ng mga awtentikong kagamitan at paggamit ng pinag-iba-ibang instruksyon ni Tomlinson (2012) sa pagbuo ng kagamitang panturo.

Para naman sa ebalwasyon, may kabuuang 3.92 ang pangkalahatang mean ng parehong tagasuri at may interpretasyon na tanggap na tanggap ayon sa ebalwasyong bahagi ng dinebelop na modyul. Nangangahulugan lamang na angkop sa antas at kakayahan ng mag-aaral ang bawat ebalwasyong bahagi. Ganito rin ang resulta sa pag-aaral ni Querubin (1996) na binanggit ni Larawan (2013) na dapat na tumutugma ang layunin ng modyul sa mga gawain at ebalwasyong inihanda.

***Mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagtanggap ng guro at ekspertong nagsuri sa kaangkupan ng dinibelop na mungkahing modyul sa Filipino sa Pananaliksik sa Wika at Panitikan.***

### **Talahanayan blg. 3**

*Makabuluhang Pagkakaiba Para sa Paghahambing ng Eksperto at Guro sa Mungkahing Modyul sa Filipino sa Pananaliksik sa Wikat at Panitikan*

	WM	$p^a$	$p_c$	Desisyon <sup>b</sup>	Interpretasyon
Guro	3.95	0.004	0.05	Hindi tatanggapin ang <i>null</i> <i>hypothesis</i>	Walang makabuluhang pagkakaiba
Eksperto	3.88				

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita ng resulta ng paghahambing ng mga eksperto at gurong tagatugon batay sa kanilang naging ebalwasyon. Hindi tinanggap ng mananaliksik ang *null hypothesis* sapagkat mayroong makabuluhang pagkakaiba ang resulta ng ebalwasyon ng eksperto at mga gurong tagatugon. Bagamat mayroong makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng ebalwasyon ng mga tagasuri na tanggap na tanggap-ayon pa rin ang kabuuang interpretasyon sa lahat na bahagi ng modyul na dinebelop. Naging salik ang hindi pantay na bilang ng mga guro at ekspertong tagatugon sa pag-aaral na ito.

## **4. Kongklusyon at Rekomendasyon**

Batay sa inilahad na natuklasan sa mga suliranin, nabuo ang sumusunod na kongklusyon:

- May kakulangan na kagamitang panturo sa panahon ng pandemya kayat nabuo ang mungkahing kagamitang panturo sa Pananaliksik sa Wika at Panitikan.
- Tanggap na tanggap ng mga eksperto at guro ang mungkahing modyul sa Pananaliksik sa Wika at Panitikan batay sa layunin, nilalaman, lenggwahe at estilo, organisasyon at presentasyon, aplikasyon at ebalwasyon.

- Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagtanggap ng dalawang pangkat ng tagatugon sa kaangkupan ng mungkahing modyul sa Pananaliksik sa Wika at Panitikan sa layunin, nilalaman, lenggwahe at estilo, organisasyon at presentasyon, aplikasyon at ebalwasyon.

Salig sa mga inilahad na kongklusyon, nabuo ang sumusunod na mga rekomendasyon:

- Iminumungkahi ang patuloy na pagdebelop ng kagamitang panturo tulad ng modyul sa pagtuturo ng Filipino gayundin sa ibang asignatura. Maaaring magdibelop ng iba pang kagamitan sa interdisiplinaryong nilalaman.
- Hinihikayat ang mga guro na magdibelop ng mga kagamitang panturo
- Ang guro ay maaari ring magsagawa ng sariling *needs analysis* upang matukoy ang kakulangan o kawalan ng kagamitang panturo sa anumang asignatura.
- Ang mga guro ay maaaring sumailalim sa mga pagsasanay hinggil sa pagdebelop o pagsulat ng mga kagamitang panturo.
- Hinihikayat ang mga nais magdibelop o sumulat ng kagamitang panturo na gamitin ang panukatan ng Pamantasan sa pagpili at pagsala ng mga kagamitang panturo.
- Ang pagdaragdag ng mga gawain sa dinebelop na modyul ay iminumungkahi.
- Iminumungkahi na ipagamit ang dinibelop na modyul sa mag-aaral upang matukoy ang kabisaan nito.
- Maglaan ng pondo at suportang moral sa mga may kakayahan ng guro na bumuo ng mga kagamitang panturo

## 5. Mga sanggunian

- Abadi, M.K., Pujiastuti, H at Assaat, LD (2017). "Development of Teaching Materials Based Interactive Scientific Approach towards the Concept of Social Arithmetic For Junior High School Student" IOP Conf. Series: Journal of Physics: Conf. Series 812 (2017) 012015. doi:10.1088/1742-6596/812/1/012015
- Abdu-Raheem, B. O. at Oluwagbohunmi, M. F. (2014). Pre-Service Teachers' Problems of Improvisation of Instructional Materials in Social Studies in Ekiti State University. *Journal of Education and Practice*, v6 n4 p15-18 2015.
- Abdul Ghani, Mohammad Taufiq & wan daud, Wan. (2018). Adaptation of Addie Instructional Model In Developing Educational Website For Language Learning. *Global Journal Al-Thaqafah*. 8. 7-16.
- Aini, W., & Hayatunnufus, H. (2019). Implementation of the Module Development Program for the Increase of Tourism Awareness for Souvenir Merchants in Bukittinggi City.
- Aldoobie, N. (2015). Technology integration and learning theory. *American International Journal of Contemporary Research*, 5(6)
- Alodwan, T. at Almosa, M. (2018) The Effect of a Computer Program Based on Analysis, Design, Development, Implementation and Evaluation (ADDIE) in Improving Ninth Graders' Listening and Reading Comprehension Skills in English in Jordan. *Canadian Center of Science and Education. English Language Teaching*; Vol. 11, No. 4; 2018.
- Amirteimoury, S at Zavaraki M.H. (2015). Designing and Implementation of the Blended Instructional Model Based on Reigeluth, Merrill, Keller and the Investigation of Its Effect on Students' Learning in Biology Course, *Interdiscip J Virtual Learn Med Sci*. 2015 ; 6(4):e12003. doi: [10.5812/ijvlms.12003](https://doi.org/10.5812/ijvlms.12003).
- Asuncion, Asuncion at Raphael J. (2016). Effects of ADDIE Model on the Performance of B.E.E.D. Sophomore Students in the Project-Based Multimedia Learning Environment. *International Journal of Multidisciplinary Approach and Studies*. Volume: 3,119-129.

- Larawan, L. (2013). "Acceptability of Teacher-Made Modules in Production Management" International Journal of Managerial Studies and Research (IJMSR) Volume 1, Issue 2 (July 2013), PP 10-22  
[www.arcjournals.org](http://www.arcjournals.org)
- Laroza, D.R., Ed. D. (2015). Validation and Effectiveness of Modules in Personality Development and Public Relations. International Journal of Scientific and Research Publications, Volume 5, Issue 9.
- Limon, M. R. at Vallente J.P.C. Module Development in Home and Family Living for College Students of a State University in the Philippines. Global Journal of Educational Studies. Vol. 2 No. 1.
- Longcop, N. (2015). Development of multimedia-based modules in K-12 Asian studies. (Master's Thesis). Philippine Normal University, Manila.
- Mangila, Benjamin B. (2018). Are IMs Culturally Relevant? A Critical Analysis of the Instructional Materials Used in Mother Tongue-Based Multilingual Education Program. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 6, No. 2, May 2018, pp 53-60.
- Marquez, V. L. (2017). Development of Computer Assisted Instruction (Cai) In College Statistics. The Normal Light Journal on Teacher Education. Vol 11 No. 2.
- Mertens, (2015). Research and Evaluation in Education and Psychology: Integrating Diversity with Quantitative, Qualitative, and Mixed Methods Sage Publications, Thousand Oaks, CA.
- Mishra, Shanti Bhushan at Alok, Shashi (2017). Handbook of Research Methodology A Compendium for Scholars & Researchers. Educreation Publishing 2017.
- Mohammed K. Khalil and Ihsan A. Elkhider (2016). Applying learning theories and instructional design models for effective instruction. Adv Physiol Educ 40: 147-156.
- Muruganatham, G. (2015). Developing of E-content package by using ADDIE model. International Journal of Applied Research 2015; 1(3): 52-54. URL: [www.allresearchjournal.com](http://www.allresearchjournal.com)
- Nada, A. (2015). ADDIE Model. University Of Northern Colorado. American International Journal of Contemporary Research Vol. 5, No. 6; December 2015 68 .
- Nardo, Ma. T. B., at Esther R. H. (2014). Development and Evaluation of Modules in Technical Writing. American Journal of Educational Research 2, no. 6 (2014): 341-350.
- Nunan, D. (1988). Principles for Designing Language Teaching Materials. Guidelines 10, 1-24
- Nichols Hess, A.K. & Greer, K. Designing for engagement: Using the ADDIE model to integrate high-impact practices into an online information literacy course. Communications in Information Literacy, 10(2), 264-282
- Olayinka , Abdu-Raheem Bilqees (2016). Effects of Instructional Materials on Secondary Schools Students' Academic Achievement in Social Studies in Ekiti State, Nigeria. World Journal of Education Vol. 6, No. 1. <https://doi.org/10.5430/wje.v6n1p32>.
- Querubin, W. (1996). Teacher-made Modules in Physics, doctoral dissertation, Western Visayas State University, 1996, pp. 30-60.
- Quisumbing L.A, Caluza, L.J. B, Funcion DG D, (2017). Views and Preference in the Development of Instructional Materials for IT Courses: The Case of BSIT Students. International Journal of Recent Advances in Multidisciplinary Research Vol. 04, Issue 09, September, 2017, pp.2758-2765.
- Rogayan Jr, D. at Dollete, L. (2015). Haynayan: Development and validation of Biological science workbook for Filipino college students.
- Rufi, R. (2015). Developing Module on Constructivist Learning Strategies to Promote Students' Independence and Performance. International Journal of Education. 2015, Vol. 7, No. 1. doi:10.5296/ije.v7i1.6675
- Santiari, N.P. (2015). Embed Attitude from Student on Elearning Using Instructional Design with ADDIE Model. International Journal of Advanced Computer Science and Applications(IJACSA), 6(11), 2015. <http://dx.doi.org/10.14569/IJACSA.2015.061105>
- Sari, Purnama Maulita Eny & Aini, Nurul. 2019. A Blended Learning Module on the Writing Academic Purposes Course(A Research and Development Approach). IJOLT-TL, Vol. 4, No. 3, September 2019. DOI: 10.30957/ijot-Itl.v4i3.608. 173A.
- Shaikh, R. B. (2013). Comparison of readiness for self-directed learning in students experiencing two different curricula in one medical school. Gulf Medical Journal, 2, 27-31. <https://doi.org/10.5430/ijhe.v7n6p98>



- Singh et.al. (2018). Developing a Higher Order Thinking Skills Module for Weak ESL Learners. Canadian Center of Science and Education. English Language Teaching; Vol. 11, No. 7. doi: 10.5539/elt.v11n7p86
- Tomlinson, Brian. (2012). Materials development for language learning and teaching. Language Teaching. 45. 10.1017/S0261444811000528.
- Torre Franca, Evelyn C. (2017). Development and Validation of Instructional Modules on Rational Expressions and Variations." The Normal Lights Volume 11, No. 1.
- Tuimur, H. at Chemwei B. (2015). Availability and Use of Instructional Materials in the Teaching of Conflict Resolution in Primary Schools in Nandi North District, Kenya. International Journal of Education and Practice.
- Turan M.B. at Kenan K. (2018). The Impact of Self-Directed Learning Readiness on Critical Thinking and Self-Efficacy among the Students of the School of Physical Education and Sports." International Journal of Higher Education Vol. 7, No. 6; 2018.
- Widodo, I., Gustiani, A. W. at Suwarma I.R. Development and validation of science, technology, engineering and mathematics (STEM) based instructional material" AIP Conference Proceedings 1848, 060001 (2017); <https://doi.org/10.1063/1.4983969>
- Vembriarto, St. (1990). Pengantar Pembelajaran Modul. Yogyakarta: Gunung Agung

